# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 3
## Ikalawang Markahan

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 1: Pagkakatulad at Pagkakaiba ng Binasang Teksto: Dalawang Tula Tungkol sa Pagbasa

**A. Panimula**

Tingnan ang larawan sa ibaba:



Mga Tanong:

1. Ano ang pagkakatulad ng dalawang bata sa larawan?
2. Ano ang pagkakaiba?
3. Paano nagkakaiba ang dalawang bata?

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ang tula ay masining na pagpapahayag ng matatayog na kaisipan at marubdob na damdamin ng manlilikha o makata.

Naiiba ang tula sa anyong tuluyan sapagkat pasaknong ang paraan ng pagkakasulat nito na binubuo ng mga taludtod, na kapag binibigkas ay may aliw-iw o indayog upang maipadama ang damdamin o kaisipang nais ipahayag ng isang manunulat/makata.

Pakikinig: Basahin ang dalawang tula habang ang mga mag-aaral ay makikinig habang nakatingin din sa kopya ng tulang kanilang hawak.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan.

**Pamantayang Pagganap:**

Nagagamit nang wasto ang kasanayan sa paggamit ng wika sa pagbasa.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naikukumpara ang mga tula sa pamamagitan ng pagtatala ng pagkakatulad at pagkakaiba.
2. Naipakikita ang pagtanggap sa mga ideya ng nabasang teksto/akda.
3. Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa.

| **Sa Lunday Kong Aklat**<br>Rufino Alejandro | **Sa Aking Pagbabasa**<br>S.R. Enriquez |
|---|---|
| Sa lunday kong aklat,<br>halina't sumakay,<br>Habang nagbabasa<br>tayo'y maglalakbay,<br>Tayo ay pupunta<br>sa maraming lugar,<br>Maglalayag tayo,<br>tayo'y maglilibang.<br><br>Maglalakbay tayo,<br>Ngunit di aalis,<br>Maglalayag tayo,<br>Ngunit di sa tubig,<br>Sa lunday kong aklat<br>tayo ay hihilig,<br>Habang nagbabasa<br>ay nananaginip! | Ako ay sumakay karwaheng hangin,<br>Saka nagpahatid sa may papawirin<br>Ang loob ng buwa'y nasilip ko mandin,<br>At nasalat ko pa ang mga bituin.<br><br>Ako ay sumisid sa pusod ng dagat,<br>At ako'y namulot ng butil ng perlas;<br>Mga engkantada'y nakita kong lahat,<br>Pati mga isda'y aking nakausap.<br><br>Ako ay naglakbay sa ibang lupain,<br>Upang makakita ng ibang tanawin;<br>Ang sulok ng mundo ay aking nararating,<br>Walang isang oras, ako'y bumalik din.<br><br>Huwag kang magulat, di kataka-taka,<br>Kung lahat mang ito ay nakita ko na;<br>Nais mong malaman? Tuturuan kita—<br>Narito ang aklat, ikaw ay magbasa. |
| | **Sanggunian:** *Gintong Sinag 3,* pahina 166 at 170,<br>Rizalina R. Santos, Ph. D. |

**2. Pagpapalawak Ng Talasalitaan**

Piliin sa hanay **B** ang kasingkahulugan ng mga salita sa hanay **A**. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| A | B |
|---|---|
| ______ 1. karwahe | a. lumangoy sa ilalim ng dagat |
| ______ 2. papawirin | b. nadama |
| ______ 3. nasalat | c. di-karaniwang nilalang |
| ______ 4. sumisid | d. himpapawid |
| ______ 5. engkantada | e. uri ng kalesa ngunit malaki at maluwang |

**3. Pag-unawa sa Binasa**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong.

1. Saan inaanyayahan ng may-akda na sumakay ang mga bata sa unang tula? Sa ikalawang tula?


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

2. Ano-ano ang nangyari sa may-akda habang siya ay naglalakbay sa pangalawang tula?
3. Paano maglalakbay o maglalayag ang isang tao nang di aalis o di dadaan sa tubig?
4. Sa palagay mo, mahilig bang maglakbay ang may-akda ng dalawang tulang binasa mo? Bakit mo nasabi?
5. Mahilig din bang magbasa ang mga manunulat? Paano mo nasabi?

**4. Kasanayang Panggramatika**

Pagtutulad ang tawag kung hinahanap natin ang mga katangiang magkatulad o magkapareho. Samantala, hinahanap naman natin ang katangiang hindi pareho kung tinitingnan natin ang pagkakaiba ng katangian ng mga bagay.

Maaaring malaman ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga binasang tula sa pamamagitan ng pagtukoy ng isinasaad ng teksto, paraan ng pagkakasulat nito, pagkakabigkas upang maipadama ang damdamin o kaisipang nais ipahayag ng isang manunulat/makata.

Halimbawa:

a. Ang nais ko sana ay maging bulaklak
   Makulay, masamyo't tunay na marilag

b. Nais kong maging isang kanta,
   Sakdal ng tamis at lipon ng ganda

Sa mga linya ng tula sa una at pangalawang bilang makikita ang paghahambing ng may-akda sa kaniyang nais maging sa isang bagay. Ang isang kanta at isang bulaklak ay parehas maganda ngunit ang kanta ay magandang pakinggan at nagbibigay kaligayahan sa pandinig samantalang ang bulaklak ay magandang tingnan sapagkat ito'y nakikita. Maaari pang ihambing ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga linyang nasa taas sa

maraming paraan. Maaaring sa pagkakasabi ng may-akda, pagkakasulat, estruktura, at pagbigkas.

5. **Pagpapalawig**

Isulat sa mga kahon ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga tulang binasa.

| | Pagkakatulad | Pagkakaiba |
|---|---|---|
| Sa Lunday Kong Aklat | | |
| Sa Aking Pagbabasa | | |

## C. Kongklusyon

### Paglalahat

Sa paghahambing at pagtukoy ng pagkakaiba ng mga tula, nararapat alamin ang isinasaad ng teksto, paraan ng pagkakasulat nito, pagkakabigkas upang maipadama ang damdamin o kaisipang nais ipahayag ng isang manunulat/makata.

### Pagpapahalaga

Ipagawa ito sa mga mag-aaral sa kanilang kuwaderno. Sa tulang "Sa Lunday Kong Aklat" inihahambing ang aklat sa isang lunday o bangka. Kung ikaw ang tatanungin, sa anong bagay mo ihahambing ang aklat? Iguhit ang bagay sa kahon sa ibaba at ipaliwanag kung bakit ito ang napili mo.

### Takdang Aralin

Magsulat ng isang talata na binubuo ng lima hanggang sampung pangungusap ukol sa karanasan mo sa pagbabasa. Isulat ito sa iyong kuwaderno.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Aralin 2: Mga Salitang Hiram: Ang Kaibigan Kong Taga-Hong Kong

**A. Panimula**

Magpakita ng mga larawan.



cake-keyk



computer-kompyuter



jeep-dyip

Mga Tanong:

1. Ano ang napansin ninyo sa mga salitang ginamit sa mga larawang ipinakita sa inyo?
2. Ano ang tawag natin sa mga salitang ito?

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ang mga **salitang banyaga o salitang hiram** ay mga salitang walang katumbas na salita sa Filipino kaya hiniram na lang ang pagbigkas at pagbaybay ng banyaga dito. **Salitang hiram** ang tawag sa mga salitang galing sa ibang wika. Maaaring ang mga ito ay may taglay na mga hiram na titik gaya ng: *c, f, j, q, v, x, z.*

Pakikinig: Babasahin ng mga mag-aaral ang dalawang tulang ibibigay ng kanilang guro sa klase.

**Ang Kaibigan Kong Taga-Hongkong**

Si Tsi Mei ay kaibigan sa panulat ni Hasmin. Nagkita sila rito sa Maynila noong isang taon nang dalawin ng tatay ni Tsi Mei ang isang kamag-anak na nakatira sa Pilipinas. Naging magkaibigan sila. Marunong magsalita ng Filipino si Tsi Mei dahil tinuruan siya ng tagapag-alagang Pilipina. Madalas din silang dumalaw sa Pilipinas dahil may negosyo sila at mga kamag-anak dito. Nangako silang ipagpapatuloy ang pagkakaibigan sa panulat.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan.

**Pamantayang Pagganap:**

Natutukoy ang mga salitang banyaga at mapalalawak ang talasalitaan.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng paggamit ng magkasing-kahulugan at magkasalungat na mga salita.
2. Nababaybay nang wasto ang mga salitang hiram.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

Pinananabikan ni Hasmin ang sulat ni Tsi Mei. Isang araw ay may dumating na sulat para kay Hasmin. Dali-dali niyang binuksan at binasa ito.

Ika-4 ng Marso, 2005

Kaibigang Hasmin,

Gaya ng aking pangako, sumulat ako agad. Tuwang-tuwa ako dahil may naging kaibigan ako sa Pilipinas.

Pasensiya ka na sa sulat ko dahil hindi pa ako gaanong bihasang magsulat sa wikang Filipino. Tinulungan lang ako ni Aling Rosa sa paggawa nito.

Alam mo ba na ang Hong Kong ay dating pinamahalaan ng mga Ingles? Pero ngayon ay naibalik na ito sa Tsina. Maunlad na lungsod ito. Maraming Pilipino rito kaya hindi ka mahihirapan kung sakaling maliligaw o mawawala ka. Marami kang mapagtatanungan.

Kahapon ay nag-*field trip* ang klase namin sa Victoria Peak. Sumakay kami sa *tram car* papunta roon. Matarik ang pag-akyat pero hindi kami natakot. Ang Victoria Peak ay isang mataas na bahagi ng Hong Kong. Napakapresko ng hangin at maganda rin ang tanawin dito. May *mall*, mga magagandang kainan, at obserbatoryo. Inabot kami ng gutom sa pamamasyal kaya kumain kami sa lilim ng mga puno rito.

Noong isang araw naman ay dinala kami ni Ama sa Ocean Park. Maraming turista ang pumupunta roon. Sumakay kami sa isang eskaleytor papunta sa tuktok ng bundok. Sumakay rin kami sa isang bangka na nagpalibot-libot sa isang artipisyal na ilog. Nang ikaapat ng hapon ay nanood kami ng palabas ng mga *dolphin* na nagpakitang gilas sa paglangoy at sa paggawa ng iba't ibang *tricks*.

Kalakip ng liham na ito ay ilang larawan namin sa Victoria Peak at Ocean Park.

Sana ay makarating ka rin dito sa amin. Ipapasyal kita sa buong Hong Kong.

Ang iyong kaibigan,

Tsi Mei


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

Tuwang-tuwa si Hasmin sa natanggap na sulat. Nagpasiya siyang mag-ipon ng pera para makapunta sa Hong Kong. Alam niyang balang-araw ay makararating din siya roon.

**Sanggunian:** *Gintong Sinag 3,* pahina 29–30, Rizalina R. Santos, Ph. D.

**2. Pagpapalawak Ng Talasalitaan**

Isulat ang **MK** kung magkasingkahulugan ang mga salitang may salungguhit at **MS** kung magkasalungat.

______ 1. Ang kamyas ay maasim ngunit ang lansones ay matamis.

______ 2. Nabasa ng ulan ang damit na tuyo.

______ 3. Mabango ang hinog na manga; mabaho ang bulok na basura.

______ 4. Si Janna ay marunong sa Matematika ngunit mahina siya sa Pagbasa.

______ 5. Ayaw ko ng makunat na sitsaron. Gusto ko ng malutong.

**3. Pagpapayaman**

a. Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong.

1) Sino ang kaibigan sa panulat ni Hasmin?


2) Paano nagkakilala sina Hasmin at Tsi Mei?

3) Bakit marunong magsalita ng Filipino si Tsi Mei?

4) Ano-ano ang ikinuwento ni Tsi Mei sa sulat niya?

5) Saan-saang lugar nakapunta si Tsi Mei sa Hong Kong?

B. Papunan sa mga mag-aaral ang dayagram upang makita ang simula, gitna at wakas ng kuwento.




4. **Kasanayang Panggramatika**

Walang salitang buhay na gaya ng Filipino ang puro. Dahil sa pagkakaiba-iba sa kultura ng mga bansa, may mga salitang banyaga na hindi matatagpuan sa salitang Filipino kapag isinasalin. Sa pangyayaring ito, ang tanging magagawa ay manghiram o dili kaya ay lumikha ng bagong salita. Walang masama sa panghihiram ng salita. Hindi naman kailangan pang humingi ng pahintulot sa bansang hihiraman ng mga salita; hindi rin kailangan pang isauli ang salita pagkatapos na hiramin; hindi rin ito nakakahiya.

Ayon sa pag-aaral:

Limang libong salitang Kastila na hiniram sa Filipino.

Tatlong libong salitang Malay.

Isang libo sa Ingles at daan-daang mga salita rin ang hiniram natin sa Instik, Arabe, Sanskrito, Latin, Niponggo, Aleman, Pranses at iba pa.

Kung susuriin natin, may **dalawang paraan** ng panghihiram ng salita ang umiiral.

a. **Tuwirang Hiram** - hinihiram ng buo ang salitang banyaga at inaangkop ang bigkas at ispeling sa ortograpiyang Filipino.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Halimbawa:

Antenna - Antena

Phonology - Ponologi

Chemistry - Kemistri

b. **Ganap na hiram** – dahil sa praktikalidad, hinihiram ng buo ang salitang banyaga nang walang pagbabago sa anyo. Halimbawa ang mga salitang cake, ice cream, computer, door bell, hamburger, physics, laser, at iba pa.

Noong mga nakaraang panahon kapag nanghihiram ng salita, ang unang gagawin ay pagsalin sa wikang Kastila sapagkat konsistent ang ispeling nito (Kastila) tulad ng Filipino. Ngunit ngayon, higit na pinipili ang Ingles.

**Noon - Ngayon**

Sorbetes - Ice cream

Klinika - Clinic

Laboratoryo - Laboratory/Laboratori

Sikolohiya - Psychology/Saykoloji

Kimika - Kemistri

Pisika - Physics

Enhinyero - Engineer

**5. Pagpapalawig**

Isulat ang tamang baybay sa Filipino ng sumusunod na hiram na salita.

________ 1) English

________ 2) escalator

________ 3) nitrogen

________ 4) artificial

________ 5) taxi


**C. Kongklusyon**

**Paglalahat**

Ang mga **salitang banyaga o salitang hiram** ay mga salitang walang katumbas na salita sa Filipino kaya hiniram na lang ang pagbigkas at pagbaybay ng banyaga dito. May dalawang paraan ng panghihiram ng salita; *tuwirang hiram* at *ganap na hiram*.

**Pagpapahalaga**

Gamitin ang dayagram sa ibaba upang maisa-isa ang mga katangian ng isang tunay  na kaibigan.




**Takdang Aralin**


Mag-isip ng limang halimbawa ng salitang hiram na inyong ginagamit at naririnig sa araw-araw. Gamitin sa pangungusap. Isulat sa papel.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Aralin 3: Paggamit ng Graph: Si Celso… Lampa?

**A. Panimula**

Ipakita ang larawan sa klase.




Mga Tanong:

1. Para saan ang representasyon na ito?
2. Ano ang tawag sa ganitong representasyon?
3. Bakit kailangang gumamit ng *graph*?

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Nauunawaan na may iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto.

**Pamantayang Pagganap:**

Nasasabi ang mga naobserbahan sa kapaligiran gamit ang kasanayan sa wika.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakasusulat ng isang ulat tungkol sa isang pangyayaring naobserbahan sa kapaligiran.
2. Nabibigyang-kahulugan ang *graph*.

REX iNTERACTIVE The online educational portal for teachers, students, and parents

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Pakikinig: Susundan ng mga mag-aaral ang kopya nilang kuwentong iparirinig.

**Si Celso… Lampa?**

"Celso… lampa! Celso… lampa!" sabay-sabay na kantyaw ng mga kamag-aral kay Celso. "Huhuhu… Isusumbong ko kayo sa mommy ko," bulalas ni Celso habang umiiyak. "Palagi na lamang ninyo ako tinutukso."

"Paano naman? Kay hilig-hilig mong lumahok sa paglalaro. Wala ka namang itatagal," puna ni Vincent, isa sa mga kamag-aral ni Celso. "Lagi kang nahuhuli sa takbuhan!"

"Oo nga. Lagi ka na lamang taya o talo sa lahat ng ating mga laro," salo ni Raul. "Tapos iiyak ka para mag-ayawan."

"Umuwi ka na nga. Sumali ka na lang ulit pag hindi ka na lampa," hamon ni Fred.

Lulugu-lugong umuwi si Celso. Ang bantang pagsusumbong ay naunahan na ng pagtatanong ng ina.

"Bakit para kang umiiyak?"

"Kasi po tinukso na naman ako ng aking mga klasmeyt," sumbong ni Celso. "Lampa raw po ako. Gusto ko pong lumusog at lumakas!"

"Iyan ang resulta ng pagiging pihikan mo. Bukod dito, hindi ka pa mahilig kumain ng prutas at gulay," wika ni Gng. Solis. Hindi na naituloy ng ina ang iba pang sasabihin nang biglang magsalita ang tiyo ni Celso.

"Gusto mong lumakas? Mag-ehersisyo ka. Ang regular na ehersisyo ay nakapagpapalakas ng katawan. Kaya mo iyon. Ako ang bahalang gumabay sa iyo. Pero unahin mo munang kumain ng wasto para lumusog ang iyong katawan. Okey ba iyon?" tatawa-tawang usal ni Tiyo Rene.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

"Aba, opo. Kasi po lalong humihina ang aking katawan at bumababa ang aking mga greyd sa iskul dahil hindi po ako malusog," pakli ni Celso.

"Paano nga, hindi mo inuubos ang baon mong pagkain sa pagpasok. Alam ko namang palihim kang kumakain ng *junk food* sa halip na masustansiyang pagkain. Hayan tuloy lumalala na ang pagiging lampa mo," wika ng mommy niya.

"Naku, hindi na po. Susunod na po ako sa inyo ni Tiyo Rene," mabilis na sabi ni Celso. "Gusto ko pong maging isang doktor paglaki ko. Kailangan daw pong malakas ang katawan ng isang nagdodoktor."

"Talaga, ha?" tumatawang kantyaw ni Tiyo Rene. "At saka po may gaganaping palaro sa aming paaralan na lalahukan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang pook. Gusto ko pong makasali roon," dagdag ni Celso.

"Iyon naman pala, e, bakit hindi mo agad ginawa ang dapat?" tanong ni Gng. Sison. "Oo nga naman, Celso. Lagi mong tatandaan na ang kalusugan ay kayamanan. Umuunlad ang bansang may malulusog na mamamayan. Kaya naman tungkulin ng bawat mamamayang panatilihing malusog ang kanyang katawan," ani Tiyo Rene.

"Pangako po. Mula ngayon, sa tulong ninyo, pagsisikapan kong maging malusog," taas-noong wika ni Celso. "Titiyakin kong wala nang tatawag sa akin ng Celso … lampa!"

**Sanggunian:** *Bagong Likha 3*, pahina 425-427,
Ester V. Raflores

**2. Pagpapalawak Ng Talasalitaan**

Itambal ang salitang may salungguhit sa Hanay A sa kasalungat nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| | **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|---|
| _________1. | Lalo pang <u>humihina</u> ang kanyang katawan. | a. itinitira |
| _________2. | Siya ay laging <u>nahuhuli</u> sa takbuhan. | b. tumatawa |
| _________3. | <u>Umiiyak</u> ka naman kapag nagiging taya. | c. tumataas |
| _________4. | <u>Bumababa</u> ang mga marka niya sa iskul. | d. lumalakas |
| _________5. | Hindi niya <u>inuubos</u> ang pagkaing baon sa pagpasok. | e. sumasama |
| | | f. nauuna |

Ipasagot ang sumusunod na mga tanong sa mga mag-aaral.

1. Bakit umiiyak si Celso?
2. Ano ang gusto niyang mangyari sa kanya?
3. Paano niya makakamit iyon?
4. Ano ang dapat tandaan tungkol sa kalusugan at kayamanan?
5. Ikaw, malusog ka bang bata? Paano mo ito mapananatili?

**3. Kasanayang Panggramatika**

Ipaliliwanang kung ano ang *graph* at para saan ito ginagamit.

Ang **graph** ay isang dayagram na sumisimbolo sa mga nakuhang impormasyon o datos.

**Pagbibigay ng Kahulugan sa Graph**

Ang **graph** ay paraan para madaling maunawaan at mabigyang kahulugan ang mga impormasyon. Ang *graph* ay ginagamitan ng mga simbolo. Mayroong mga uri ng *graph*:



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

a. **Line Graph** (Talangguhit) – ginagamit upang ipakita ang iba't ibang impormasyon at datos sa pamamagitan ng paggamit ng mga linya. Ito ay ginagamit upang ipakita ang pagtaas at pagbaba ng datos sa magkaibang panahon o pangyayari.

b. **Bar Graph** – ay ginagamit sa paghahambing o pagpapakita ng kalakaran ng sukat. Nagpapakita ito ng kaugnayan ng mga ideya o paghahambing ng magkaugnay na mga ideya.

c. **Pie Graph** – ang paggamit ng *pie graph* ay ganap na popular, tulad ng bilog ay nagbibigay ng biswal na konsepto ng buo (100%).


d. **Picture Graph *o* Pictograph** – ay ang *graph* na gumagamit ng mga larawan.

5. **Pagpapalawig**

Magbigay ng halimbawa ng isang uri ng *graph* at ipaliwanag kung ano ang makikita rito. Gabayan rin ang mga mag-aaral kung paano bumasa ng isang *graph* sa pamamagitan ng mga gabay na tanong.

Nais ni Celso na maging doktor paglaki niya. Ang pagiging doktor ay isa lamang sa mga propesyong maaaring matapos ng isang mag-aaral sa kolehiyo. Nasa *graph* sa ibaba ang iba't ibang propesyon. Pag-aralan at sagutin ang mga kasunod na tanong.

**Iba't Ibang Propesyon**



1. Ano ang pamagat ng *graph*?
2. Ilang propesyon ang binigyang impormasyon sa *graph*?
3. Aling propesyon ang may pinakaraming bilang ng nagtapos?
4. Aling propesyon ang may pinakakaunting bilang ng nagtapos?
5. Ilan ang bilang ng nagtapos na doktor?

**C. Kongklusyon**

**Paglalahat**

Ang **graph** ay isang dayagram na sumisimbolo sa pagkakalipon ng mga datos. Ito ay puwedeng gawin sa pamamagitan ng dalawa o higit pang mga datos na nalipon at mga relasyon nito sa isa't isa. Ito ay may apat na uri: *line graph*, *bar graph*, *pie graph* at *pictograph*.

**Pagpapahalaga**

Bigyang diin ang aral sa binasang teksto.

Sino-sinong bata ang lulusog at tatalino? Maglagay ng (✓) sa patlang sa unahan ng bawat bilang.

__________ 1. Ben: Ayaw kong kumain ng tanghalian. Tsokolate ang gusto ko.

__________ 2. Liza: Pahingi po ng saging. Gusto ko pa pong kumain.

__________ 3. Rey: Inay, puwede po bang pritong isda at ginisang gulay ang ulam natin mamaya?

__________ 4. Clara: Inubos ko na po ang tinimpla niyong gatas, Inay.

__________ 5. Bimbo: Wow, fried chicken at sopas! Marami akong makakain.

**Takdang Aralin**

Magpagawa ng *graph*. Tanungin ang mga mag-aaral sa kinder hanggang ikatlong baitang kung sino-sino ang umiinom ng gatas. Gumawa ng *graph* tungkol dito.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com